Department of Agriculture
AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE
REGIONAL TRAINING CENTER
Malasin, San Mateo, Isabela
Tel/Fax. No. 078-664-2086 www.ati_region2@yahoo.com

Highlights of the FIELDS Techno Forum, Technoclinik cum Irrigation Forum

Venue	:	Barangay Hall, Ramon, Isabela
Date	:	September 1, 2008
Participants	:	About 1500 participants (seating capacity estimate) Farmers, Seed Growers, Local Chief Executives, DA-RFU and DA-attached agencies (NIA, ATI, PhilRice, QUEDANCOR, NFA, ACPC, BSWM, BPRE), OPA, LandBank, Municipal Agriculturist & AEWs

FIELDS DISCUSSANTS:

FERTILIZER	BSWM	: Engr. Gregorio Antolin, Chief-ARMED Div.
	DA-RFU 02	: Dr. Andrew Villacorta – RTD
		Dr. Valentino Perdido – Chief, Crops Div.
IRRIGATION	NIA Region	: Engr. Porfirio Reyes
	NIA MARIIS	: Engr. Mar G. Dancel
EDUCATION	ATI	: Dr. Evelyn Aro-Esquero – ATI Asst. Director
	PhilRice	: Dr. Manuel Gaspar – Branch Manager
	OPA	: Mr. Danilo B. Tumamao – Provincial Agriculturist
LOANS	Quedancor	: Mr. Luisito Perez, District Supervisor
	LandBank	: AVP Benjamin Acosta, Regional Head
DRYER	NFA	: Dir. Danilo I.Pastrana – Regional Director
		Mr. Rocky Valdez – Provincial Manager
SEEDS	DA-RFU 02	: Dr. Andrew Villacorta – RTD
		Dr. Val Perdido – Chief, Crops Div
	BPI-NSQCS	: Mr. Ruel Gesmundo – Chief, NSQCS San Mateo

ACTIVITY HIGHLIGHTS

I. SETTING UP OF BOOTHS

The booth for FIELDS was set-up at the right side of the entrance of the barangay hall. Each participating agencies displayed banners and IEC materials according to the components of FIELDS where their services belong.

Among the agencies with display were DA-RFU AMAS, ATI-RTC, PHILRICE, BSWM, ACPC, BPI-NSQCS, NIA,

II. ARRIVAL AND REGISTRATION

- There were about 1,500 participants registered that composed of farmers (mostly members of the Irrigators Association), Agricultural Technicians and Municipal Agriculturists of the different municipalities of Isabela, and staffs of the different participating agencies.

- The first activity for the Sec. Arthur C. Yap was a ceremonial harvesting and threshing on a farm near the venue.

II. PRESENTATION OF TECHNOLOGIES AND FIELDS PROGRAMS

The program started at 9:00 am with video showing of Gawad Saka Awardee. After the opening prayer and singing of the national anthem, the technoclinic started.

1. PHILRICE -A video showing of LCC was presented. After the showing, Engr. Ferdie Garcia of PHILRICE presented the LCC and MOET technology using live specimens (potted rice plants with minus one element).

2. DARFU 02- Dr. Val Perdido discussed the "Singit Crop" Program (QTA). He explained that in irrigated areas, the former 2 regular seasons (wet and dry) was modified to include the quick turn around (QTA).

3. The inclusion of the Singit Crop discussion in the activity was considered since the program is an operationalization of the FIELDS program with all its components included in the program interventions like fertilizer subsidy, availability of water for the dry season, technical briefing for farmers, loans availability to qualified borrowers, available of dryers and seed subsidy component.

4. The singit crop also features the assistance of the Provincial Government of Isabela through the office of Governor Grace Padaca of P500 per farmer with at least 1 ha under the program.

5. BSWM - A video showing on "Organikong Pataba" and Modified Rapid Composting" was presented by a representative of BSWM. In the video, the importance of using compost in rice production to increase yield is emphasized.

6. ACPC - Credit Program was presented by a representative of ACPC in video showing.

7. ATI- RTC 2 also presented a powerpoint in video presentation of its activities and programs in support to the FIELDS program.

III. OPEN FORUM

After the techno-clinic, an open forum was provided for clear up issues.

IV. PROGRAM PROPER

1. Mayor Wilfredo Tabag of Ramon, Isabela gave a welcome remark.

2. In lieu of Gov. Grace Padaca, Mr. Danilo Tumamao, the Provincial Agriculturist of Isabela delivered the governor's message of support to the program and mentioned the P500 per farmer fertilizer subsidy coming from the governor's office in addition to the regular subsidy.

3. The overview of the GMA rice and FIELDS program was presented by Dr. Frisco Malabanan of Philrice.

4. Director Gumersindo D. Lasam, Regional Executive Director of DARFU 02 introduced Secretary Arthur Yap, guest speaker of the Info Caravan. RED Lasam called him one of the "bright boy" of PGMA.

5. **Highlights of the Message of the Hon. Secretary, Arthur C. Yap**

>It is important that the Secretary will tour the Philippines specially this harvesting season. He wants to know the needs of the farmers and the status of QTA.

>He has assured the traders that we are 90% self-sufficient and 10 % deficit. The 10% deficit is being imported by NFA.

>He said, this is one reason why he is here in Isabela - because the price of palay is low.

>**Thus the message of the Secretary is a detailed explanation of the programs and services of the Department of Agriculture under FIELDS program.**

- Among his directives and pronouncements includes:

  >NFA to maximize procurement up to 500,000 MT this season and is now apt to buy fresh palay.

  >Encouraged farmers to plant rice in QTA and support will be given to them who will participate.

  >One support is the fertilizer discount coupon >2 coupons from the DA and 4 coupons from the LGU.

  >He urged the farmers to report the dealers whom they know they jacked up the price of fertilizers and the ATs who sell or buy coupons in the expense of the farmers for proper action.

  >On Extension service
  - LGU ATs and MAs provide extension service such as trainings and briefings on Palaycheck, palayamanan, QTA, etc. These technologies assures 15-20% increase in yield.

  >On Dryers
  - Flat bed dryers to be availed at DA and BPRE

  >On seeds and grains procurement

  - NFA to increase its procurement rate to 500,000 MT
  - Already procure fresh palay up to 30 MC.

V. FORUM

After the message of the Secretary, an open forum was provided for the participants to raise their questions and comments.

PROCEEDINGS

I. SETTING UP OF BOOTHS

The booth for FIELDS was set-up at the right side of the entrance of the barangay hall. Each participating agencies displayed banners and IEC materials according to the components they belong.

A booth was set-up for agency display and info materials were group together in accordance with the FIELDS program.

Reading materials and leaflets were distributed including localized FIELDS, Extension and "Singit Crop" Program. .

In addition to the IEC materials, Philrice set up live MOET specimens placed at the booth for Education and Extension component.

II. ARRIVAL AND REGISTRATION

Registration started at 7:30 am. DA-RFU 02 and NIA staffs were assigned to register the participants upon their arrival but since they were not in the venue yet, the ATI staff took the initiative and responsibility to register participants that arrived early. Later on, NIA and DARFU 02 staff joined in facilitating the registration.

Upon registration, the participants were directed to the FIELDS exhibit booths to view and avail IEC materials distributed for free by ATI, BSWM, ACPC, DA-RFU 02, Philrice and NIA.

There were about 1,500 participants registered that composed of farmers (mostly members of the Irrigators Association), Agricultural Technicians and Municipal Agriculturists of the different municipalities of Isabela, and staffs of the different participating agencies.

I. PRESENTATION OF TECHNOLOGIES AND PROGRAMS

The program started at 9:00 am with video showing of Gawad Saka Awardee. After the opening prayer and singing of the national anthem, the technoclinic started.

a. PHILRICE

A video showing of LCC was presented. After the showing, Engr. Ferdie Garcia of PHILRICE presented the LCC and MOET technology using live specimens (potted rice plants with minus one element).

b. DARFU 02

Dr. Val Perdido discussed the "Singit Crop" Program (QTA). He explained that in irrigated areas, the former 2 regular seasons (wet and dry) was modified to include the quick turn around (QTA). He also stressed the qualifications of farmers who will join the QTA:

1. All farmers who planted early wet (planted April – May planting)
2. Planting should be on August to Sept. 15 and harvesting should fall in December
3. For transplanted rice, last day of sowing must be September 10 and for direct seeded rice, seeds should be sown not later than September 15.
4. Farmers who harvest up to Sept. 15 will still be accepted provided they use early maturing varieties.
5. During the regular season planting, they should leave a portion in their field at least 400 sq m. intended for seedbed for QTA so that upon harvesting, seedlings will already be available.

He also discussed the incentive package of "Singit Crop" as follows:

PACKAGE 1

1. Use of Certified seeds	=	P1,200.00
2. Regular Fertilizer subsidy	=	500.00
Total	=	P1,700.00

PACKAGE 2

1. Use of Hybrid seeds	=	P1,500.00
2. Regular Fertilizer Subsidy	=	500.00
Total	=	P2,000.00

PACKAGE 3

1. Fertilizer Subsidy	=	P1,200.00
2. Regular Fertilizer subsidy	=	500.00
Total	=	P1,700.00

For Isabela province, an additional P500 subsidy from the office of Gov. Padaca will be given for every farmer with 1.0 hectare or less.

Dr. Val also explained other interventions such as Post harvest assistance (flatbed dryers), assurance of irrigation by NIA and NFA preferred procurement. He informed the audience that briefings on Singit Crop will be conducted in different municipalities with the assistance of DARFU 02, ATI, NIA, BSWM and NFA.

c. BSWM

A video showing on "Organikong Pataba" and Modified Rapid Composting" was
presented by a representative of BSWM. In the video, the importance of using compost in rice production to increase yield is emphasized.

d. ACPC

ACPC Credit Program was presented by a representative of ACPC in video showing.

e. ATI

ATI also presented a powerpoint in video presentation of its activities and programs in support to the FIELDS program.

III. OPEN FORUM

After the techno-clinic, an open forum was provided for clear up issues.

ISSUES	RESPONSES
Emerson Balgong **Barangay Kagawad, Oscaris** >In implementing the singit crop, there will be no follow period therefore, continuous pest and disease cycle will likely happen. Our problem will be on Tungro. What shall we do to prevent Tungro? >Secondly, are we assured of sufficient irrigation water during the singit crop?	**Dr. VAL PERDIDO** **DARFU 02** >To prevent/control tungro, synchronous planting should be practiced by farmers in all covered areas. Field should be monitored regularly and infected plants should be uprooted immediately. Community action is a must. In case of high population of GLH, spray pesticide to control. Report immediately any suspected occurrence of the disease to your AT or MA. Avoid planting susceptible varieties if your area have a history of Tungro. **NIA Representative** >Areas programmed for QTA are assured of sufficient irrigation water.
IA President – Eden, San Manuel >Majority of the farmers in our barangay avail fertilizers on credit because they cannot afford to buy cash. The fertilizer subsidy of the government can only be availed if the farmer buy on cash basis. How can we avail of the subsidy if on credit basis?	Dr. Val Perdido >On the directives, fertilizer subsidy is availed only by those who buy on cash basis. The best thing that we can do is to talk with the traders to give you the same discount and reimburse the discount from the DA. But sometimes we cannot control the traders. We have to refer this matter to higher authorities.

A farmer from Cauayan **>A follow-up question to the question of Mr. Tumbaga. Because of the discount coupons, the dealers took advantage and jacked up the price of fertilizers from P1,500-P1,930/bag. We suggest that the DA should give directly the fertilizer subsidy to the LGU Agriculture Office and not pass through the dealers.**	Engr. Aron NIA-MARIIS >The regulatory office should monitor and check accredited dealers if this matter is being practiced and report to authorities.
Farmer from Angadanan **>It does not matter to us farmers if there is no subsidy or if prices of inputs get higher and higher, just as long as the price of palay will be raised simultaneously also. It is discouraging to note that the prices of fertilizers are getting higher and higher while the prices of our products are getting lower and lower.**	>Dr. Val Perdido >We cannot do anything about the prices of fertilizers because it is being controlled by the price of oil. That's why the government is doing everything to support the farmers. Many interventions are being offered to help cut cost and improved production.

IV. PROGRAM PROPER

6. Mayor Tabat of Ramon, Isabela gave a welcome remark.

7. In lieu of Gov. Grace Padaca who was not able to grace the occasion due to simultaneous commitment, Mr. Danilo Tumamao, the Provincial Agriculturist of Isabela delivered the governor's message of support to the program. In here, he mentioned the P500 per farmer fertilizer subsidy for Isabela farmers coming from the governor's office in addition to the regular subsidy.

8. The overview of the GMA rice and FIELDS program was presented by Dr. Frisco Malabanan of Philrice.

9. Director Gumersindo D. Lasam, Regional Executive Director of DARFU 02 introduced Secretary Arthur Yap, guest speaker of the Info Caravan. RED Lasam called him one of the "bright boy" of PGMA.

10. Highlights of the Message of the Hon. Secretary, Arthur C. Yap

>It is important that the Secretary will tour the Philippines specially this harvesting season. He wants to know the needs of the farmers and the status of QTA.

>In the past, agriculture has not been given priority. It is important that this time it should be given notice.

>He has assured the traders that we are 90% self-sufficient and 10 % deficit. The 10% deficit is being imported by NFA.

>The traders did not believe his assurance of self-sufficiency and there arose competition in buying palay until the price of palay rise to as high as P21.00 per kilo.

>Asked the farmers who were able to sell their palay at the price of P21, P20, P19, P18, P17, P16, P15, P14, P13, P12, P11, P10. Majority of the farmers said, they sold at P12/kg. This is due to early marketing. Anyway, the price of fertilizers then was still lower, he said.

>He said, this is the reason why he is here in Isabela - because the price of palay is low.

>The traders are suffering the consequences now. They still have many stocks unsold because they bought at high price. They cannot sell it in lower price because NFA have many buffer stocks.

>NFA to maximize procurement up to 500,000 MT this season and is now apt to buy fresh palay.

>Encouraged farmers to plant rice in QTA and support will be given to them who will participate.

>One support is the fertilizer discount coupon >2 coupons from the DA and 4 coupons from the LGU.

>He urged the farmers to report the dealers whom they know they jacked up the price of fertilizers and the ATs who sell or buy coupons in the expense of the farmers for proper action.

>On loans

- Guarantee fund of P1Billion to LBP
- Lesser interest rate
- Priority to avail loan at LBP are the seed growers

>On Extension service

- LGU ATs and MAs provide extension service such as trainings and briefings on Palaycheck, palayamanan, QTA, etc. These technologies assures 15-20% increase in yield.

>On Dryers

- Flat bed dryers to be availed at DA and BPRE

>On seeds

- NFA to increase its procurement rate to 500,000 MT
- Already procure fresh palay

V. QUESTIONS AND ANSWERS

After the message of the Secretary, an open forum was provided for the participants to raise their questions and comments.

ISSUES RAISED	RESPONSES OF SEC. YAP
IA President >During the National Dialogue and in TV spots, It says, "Suportahan ang Magsasaka". We need financial assistance in farming. When the group applied for a loan at LBP, we were told of our past dues. We were also required to submit collaterals. Is submission of collaterals to avail loan part of the program?	>It is a national requirement that security of loans be provided. >LBP was given P7 Billion for financial support purposes to farmers.
Ramon Galinda **Santiago City** >Urea is tied up to crude oil. In the world market there is already a big drop on its price but the price of fertilizers is still very high in the market. Can we not influence the traders to lessen their profits?	>I have to meet with the dealers again and discuss this matter with them and if possible to form partnership with them. I have initially talked with them but no response yet. I'll go back to them and hopefully I'll be able to get their support.
I **A President – Eden, San Manuel** >Majority of the farmers in our barangay avail fertilizers on credit because they cannot afford to buy cash. The fertilizer subsidy of the government can only be availed if the farmers buy on cash basis. How can we avail of the subsidy if on credit basis?	>Ask for the receipt from the dealer or any proof of purchase and present this to the DA and the DA will reimburse you the discount.

IA President –Cabagan-San Pablo IS >We have passed a resolution on the P3M rehabilitation for Cabagan-San Pablo-and P4M for Tumauini irrigation system but it was returned to the region. What is the status?	>The Secretary asked Director Galvez >Director Galvez said, "The fund just arrived and this will be downloaded the soonest to Engr. Martinez. We will inform you when the project will begin.
Farmer from Mallig >There are no more donors of lot for the solar dryer in our municipality. Some of the Barangay roads have been paved thru our Municipal Mayor and have been used as drying pavement. In our barangay there are still barangay roads to be paved. We are requesting for the pavement of these barangay roads for drying our produce.	>In your situation, you need flatbed dryers instead of solar dryers. >The fund you need is no longer for MPDP but for Farm-to-market road. Work this out with your LGU officials and MA.
Farmer from Tumauini >According to the banner the loan ceiling per hectare is P5,000.00 per hectare lang. A rice farmer spends as much as P25,000.00 per hectare to produce rice. The loan ceiling is so small and it is not enough to help the farmer for his cost of operation.	>The P5,000.00 per hectare is for small scale financing only. For regular financing, LBP offers loan of P37,000.00 per hectare for inbred rice and P42,000.00 per hectare for hybrid rice.
Jun Pascua >In QTA, there is an intervention on price support by NFA which reasonable. However, the price is for export quality rice sold only. The quality of Class A of NFA is so high that farmers cannot attain it. While with traders Class A is very attainable with a good price. How could NFA help us?	>NFA is now buying freshly harvested palay with corresponding price.

>The program ended with a pack lunch for the participants and the entourage of Secretary Yap took lunch with the Press at the Raniag National High School.

Speech of Sec. Arthur C. Yap during the FIELDS Techno Forum, Techno Clinik cum Irrigation Forum held at theBarangay Hall, Raniag, Ramon, Isabela on September 1, 2008

Greetings!

Sa mga araw na ito ay napakakritical na umikot ang Kalihim ang Agricultura dahil nag-uumpisa na ang anihan na sa ibat –ibang parte ng bansa at upang makausap ang mga umaani na at malaman kung ano pang tulong ang kinakailangan nilang suporta sa araw na ito at upang malaman ang estado ng mga nag - Quick Turn Around.

Napaka critical ng expectation o ng responsibilidad natin ngaun sa ating bansa. Sa SOA ni GMA, hindi yong pagpuri lang sa Department of Agrikulture, hindi pagpuri sa trabaho ang ibig sabihin ng Pangulo, kaya siguro pinatayo upang maintindihan ng buong bayan na ang na binibigyan natin ng panibagong interes o prioridad ay ang agrikultura. Matagal po na naiwan ang agrikultura, hindi lamang dito sa Pilipinas kundi sa buong mundo. Mura ang pagkain sa buong mundo ngunit natulala tayo nitong 2008, nang makita natin na bumuwelta ang klima, biglang tumaas ang presyo ng langis, umakyat ang presyo ng transportansyon. Nagbayad ang buong mundo sa ilang taong hindi namuhunan ang gobyerno sa Agrikultura. Akala natin dahil sa magandang klima parating magkakaroon ng magandang ani pero hindi yon ang nangyari, ano ang nangyari sa atin? Ngayon ano ang nagyari sa bansa natin, tayo po ay 90% self sufficient, ibig sabihin inaani natin ang 90% ng kinakain ng ating bansa, ngunit 10% ay inaangkat natin.

Noong sumipa ang presyo ng bigas sa buong mundo, para akong pinako sa krus, media ng media ang sabi ng tao, may crisis na ang pilipinas, mawawalan na ng pagkain ang ating kababayan, naaalala nyo ba yon? Naalala nyo dahil napakaganda ng presyo ng palay? Dipo ba? Ngaun po hindi po ako nagsasawa sa kasasabi sa mga tao, hwag po nating gawing pareho ang food shortage sa kakulangan ng domestic crisis. Ang buong mundo ay may kakulangan sa pagkain, kaya dito sa pilipinas ang kakulangan natin na 10% ay tinakpan ng NFA, wala pong naniwala, anong nangyari? Ultimo mga traders/ millers nag-unahan sa pagbili dipo ba? Dun lang ako nakakita na ang presyo ng palay ay nagbabago ng .50 cent every week.

Sino ang nakabenta sa inyo ng P20, 17, 18, 15? Ang emportante sa nangyaring sitwasyon na nag-unahan kahit binili ng mura sa inyo, mahal ang pasok ng mga millers at traders. Pag sinabi ko o sa kanila, ang presyo ng abono nun hindi pa P2,000 mga P 1,500 pa nun, nga price production ay P7-8 siguro sa panahon na yon. Hindi ko po sinansabi na tayo nagdidiwang dahil sa producers kesyo producer ka ng tsinelas, sapatos o pantalon o kahit sino pang producers, dahil kulang kabayaran ang lahat gusto natin ay mataas. Gusto natin dagdag subalit hindi pa tayo nakakita ng ganung buying.

Ang isyu dito dapat magsasaka ang kumita, sigurado ang sabihin nyo, oo Secretary ngayon lang kami nakakita ng P16 – 17 presyo pero sana ito ay kapakipakinabang. Kaya yon ang isang isyu kung bakit ako pumunta dito dahil nakakarinig na naman ako dito sa Isabela na mababa ang

presyo ng palay. Ngayon kelangan nating pag-usapan ng mabuti at naintindihan niyo ang nagyayari dahil kung ang presyo ay P17-20 at may iba pa na P 21, P22 ang nagyari ang mga millers at traders, namili sila. Ayaw nila maniwala na may supply ang NFA, ngayon nagbomba ang NFA. Malaki ang talo nila, ngayon sinasabi ko sa kanila kami po ay hindi nagkaila sa inyo. Wala kaming nilinlng sa inyo. Commitment po ni Pangulong Glorya Macapagala Arroyo na masigurado ang bigas sa ating bayan , wala kaming tinago sa inyo kaya ito po ang resulta ngaun, marami sila nabili palay sa mataas na halaga kaya tinatamaan kayo ngayon.

Dito sa Isabela, mababa ang presyo ng palay kaya prioridad natin ngaun bilang suporta sa mga nagtanim especially sa mga nag – QTA, 2 months ago sinabi ko na sa NFA na dagdagan ang mga warehouse, dagdagan ang contractual tables, dagdagan ang mga trucks dahil naanticipate ko na, nakikita ko na na itong nakaraang 2 bwan na ito ang magiging problema natin, sinabi ko na sa NFA.

Ilang beses ko na sinabi at didikdikin ko na naman ang NFA kelangan mamili sila. Kahit noong ako ang administrador ng NFA hindi kami nakakabili ng more than 100,000 MT, nauunahan kami. Pero ngayon ang kautusan naming sa NFA minimum 500,000 MT, kelangan mamili.

Noong panahon ko, ang bili naming value table P20-24 lang sa basa. Pinaakyat na namin ngayon hanggang P 30 basa bibilhin, naming meron kaming food measure ngayon.

Kaya sa mga gustong magbenta sa NFA, kausapin nyo din ang inyong mga mayor na kahit sa mga media, sa TV, sa mga radio, tutulong sila sa pag announce sino ba ang nag aani. Kontakin nyo lang si Regional Executive Director. Tahimik kayo, parang napakalaki problema. Huwag kau mag alala, bibili ang NFA, pag di bumili, babalik ako sa inyo dito.

Ngayon, sa mga nag QTA, bigyan natin ng suporta ang pagkain ng sambayanan. Kelangan, nakatanim na kayo before Sept. 15. Ang priorities ngaun, ung magtatanim hanggang Sept. 15 ay sa seed support kaya meron tayong FIELDS. Kaya nag iikot and Departamento ng Agrikultura para ipaliwanag ang FIELDS ang programa ng Pangulo. FIELDS, ang letter S ay Seed. P1,200 subsidy sa seeds. Fertilizer Discout Coupon, naibigay na ho.Sasabihin ko, wala kami hawak na coupon, More than 2.2 million coupons na ang nadistribute, nakanino? nasa mga MAO ninyo. Sino ang mga MAOs dito? Nakapagbigay naba kayo? Ang mga listahan nga ba updated? Baka naman puro pinsan nyo yan? Ang mga taong nakakausap ko, 5 hundred lang ang binibigay ng DA sabi nila. Una sa lahat, yan ang nakasaad sa batas. Sabi sa batas, devolved na ang extension, kaya ang kalihim ngayon ang kalihim ay kalihim na walang sundalo. Siguro po, ang mga alkalde na gaya dito na ang puso ay nasa agrikultura, walang problema pero sa ibang bayan, kung wala ang prioridad sa agrikultura, may problema. Kaya sa mga MAO, sabi ng pangulo, bibigyan ng 2 thousand kada buwan. Pero kelangan may incentive din, 60% muna lalabas at ang remaining pag nakuha na ang target. Lalo nating nasigurado na ang mga MAO nasa baba kasama ay ating nagsasaka kasama sa extension program. Kasama ang mga barangay officials dahil kung wala tulong ang LGU walang pag asa ang self sufficiency ng ating bansa. Kaya ang sinasabi ko, sana naman eh maging encouragement/motivation sa ating mga MAO na meron sila 2t ngayon pero kelangan sabay sabay tayong magtrabaho.

Sa fertilizer discount, nasa MAO, ang usapan di ko lang alam kung ginawa dito sa Isabela, dun sa 2 coupon na binigay kada hectarya, may katumbas na 4 sa local government. Kasi, ang sabi sa akin ng nga gobernador, Mr. Secretary ipagpaumanhin nyo, ang priority ng IRRA namin sasabayan ka naming 4 na coupon sa 2. Ngayon kelangan nating kausapin si Gov. Grace Padaca baka meron siyang ibang programa, hindi ko alam dahil binigay ko na lahat ang coupon, nasa local na, ang mga iba at gustong gamitin sa darating na Oct- Nov. asa sa kanila na.

Ang policy naman, hindi tayo maapektuhan sa sa presyo ng fertilizer dahil sa presyo ng krudo, dahil wala tayong krudo ang Pilipinas. Kaya pag sumipa ang presyo ng krudo, wala tayong magawa sa presyo ng urea, sa nitrogen at kahit P & K. Kaya kahit wala tayo magawa sa price ng letter F, magbibigay tayo ng fertilizer coupon discount, farmer choice po yan. Hindi dikta, kung ano gusto nyong fertilizer. Ngayon, gusto ko malaman kung sino ang mga participating dealer ang nag-dadagdag ng presyo, Ibigay nyo ang pangalan sa akin. Kung ayaw nyo dito, ibigay nyo sa maliit na papel at mabisita naming dahil bakit pa sila sumali kung d sila susuporta. Nakakatanggap kami report na ayaw nang gumamit ng coupon. Sana hindi tutuo yong sinabi na ang technician natin hati-hati nalang sa coupon, alam nyo mga kababayan, kung tao mismo ay sasarilinin natin at babastusin nyo ang programa walang mangyayari sa bayan natin. Ako po nagtratrabaho, minsan hindi ko na kinikilala ang family bonding. Wala ng sabado't linggo sa akin, pero kung minsan nakakarinig ako ng ganitong news, nakakapangilabot.

Ang national self sufficiency program ng ating country is to feed our people. At kung tayo dito mismo sa baba ay hindi natin maimplament ng tama, saan pa titingin ang kababayan , saan pa sila hahanap ng pag asa, wala napo, sana hindi tutuo.

Ngayon po, gusto ko malaman kung sino sa atin ang pwede magbigay ng info sa akin. Kami po ay hindi namigay ng fertilizer. Binigay na nga sa inyo, bahala na kayo. At dapat nakapartner sa local ng matulungan kayo at naibaba pa yong pondo kung baga produksyon down sa inyo. Naglagay ang pangulo natin ng pera sa Landbank, naglagay ng pangulo ng guarantee, ang initial na guarantee na yon ay pwede na magpondo more than 1B. Ibig sabihin, may guarantee, naglagay na ng pera sa Landbank pansagot, pwede idagdag sa pwedeng ipautang sa inyo. Sa mga Irrigators, Pwede kayo humiram ngaun sa mga coop bank, rural banks. Alam nyo ba ang programang ito? pwede kayo humiram ngayon sa mga nabanggit na banks dahil meron na guarantee ang national govt.para mabigyan seguridad an gating mga bangko.

Si Piring Reyes andyan din po sya. Si Tony Galvez narito rin. Kilala nyo ba sya? Parang di nyo kilala.Kasi kung di nyo kilala ibig sabihin di umiikot. Ang nakakakilala pumalakpak. O pwede ka ng tumakbo dito, konting-konti na lang pwede na. Si Piring may nakakakilala rin ba kay Piring sa Magat? Lahat po ng issues nyo sa irrigation, may dagdag na pondo ang pangulo dyan basta production area umaabot sa target, tuloy-tuloy ang pagpapagawa ng restoration.Ang pinaprioritize po namin ay restoration at rehabilitation at hindi bagong patubigan. Ang bagong patubigan ay umaabot po ng 400,000 yan kada ektarya. Pero yung repair, restoration, rehabilitation yan pwede na natin makuha yan sa 60,000-70,000 kaya dyan tayo maglagay ng pera sa 60 to 70,000 pesos. Mahirap ilagay yung pera dun sa 400,000 to 50,000 pesos kada ektarya para mapaakyat ang cropping intensity natin. Kaya kontakin niyo po ang inyong mga alkalde na ibibigay na lang po ang request sa irrigation.

Yung extension service, eto na pong ginagawa natin yung letter E, humihingi ako ng tulong sa sa mga alkalde natin, sa mga punongbayan sa mga municipal Technicians na kapag nagbaba kami ng Caravan na ganito, dapat tuloy-tuloy po ito. Bigay ng bigay lang po ng extension service sa ating mga magsasaka. Dahil ang teknolohiya po mga kababayan, nakakadagdag po sa ani hanggang 20 percent. Pero kailangang bukas an gating mga isipin. Sa palaycheck, sa palayamanan, sa paggamit ng tamang tubig, sa level ng tubig, sa cultural management practice, sa planting, sa paggamit ng leaf color chart, sa paggamit ng minus-one element technique, pag alam nyo po lahat yan, nakakadagdag ng 10-15% hanggang 20, may incremental yield kayo. Kaya napakacritical talaga nitong extension na ito. Hindi sana pwedeng pabayaan ng ating mga alkalde at ating mga Technicians yan dahil kayo po ang nasa baba.

Yung loans pinag-usapan napo natin.

Yung dyer, sino po ang may dryer dito? Nabigyan na ng dryer? Functional na ba? Akala ko kikilo-kilohin na natin e. Hindi naman natin kikilo-kilohin ha? Ok yung mga ibang irrigated area, sino pa ang wala dito? Irrigated area, inuuna yung irrigators' association. Alright, hingi kayo sa BPRE atsaka kay Gomer sa aking Regional Director. Kilala nyo ho si Mang Gomer? Kilala nyo po yan. Si Gomer po nag-umpisa sa Department of Agriculture hindi pa ako pinapanganak, nariyan na po si Gomer. Kaya kung meron akong problema sa kanya po ako nagtatanong dahil lahat naaalala nya. Isa syang napakagaling na nasa ground lagi na umiikot at kasama namin si Andrew Villacorta. Kilala nyo ba si Andrew? Palakpakan nyo si Andrew. Noong una ko pong nakilala si Andrew noong una akong nagging kalihim, may buhok pa yan. Per osa hindi nap o nagpapahinganga yan alang-alang sa inyo, pinabayaan na po nya ang good looks nya. So dito pos a dryers, sa mga nangangailangan pa, pinaplano na po yan. Dahil dito naman kasi ang weather nyo, pwedeng combination, mechanical at multi-purpose drying pavement, marami ring mills dito hindi po kayo kagaya ng Mindanao. Na siguro sa Mindanao, seven months, talgang eight months a year walang tigil ang ulan. So ipaplano po natin yon.

Sa binhi, sino po nangangailangan pa ng seed support? Lahat, lahat nangangailangan ng seed support. Ok ipaplano na lang ni Andrew yan at ni Manung Gomer. So palagay ko ang critical sa atin ngayon, yung additional buying ng NFA di po ba? So yon, binigyan ko na po ng utos ang NFA, kailangang umikot ng umikot, mag-announce sa radio, dapat merong action line na pwedeng ibigay sa kanila. O Oliver ibigay mo.yung numero. Lahat ba may cellphone? Sinong may cellphone dito? Lahat may cellphone ayaw lang umamin. Mag-aanounce tayo ng buying magtext lang kayo. Sino mga seed growers ditto?Dapat mabigyan ng priority Mr. Acosta kasi kung walang magandang binhi, walang pag-asa kaya ipaprioritize po natin itong mga seed growers na ito sa additional loan. Sinong hindi nababayaran sa binhi? Lahat kayo hindi nababayaran? Please ho tayo lang ho. May pondo…nagtataka ako kasi may pondo. Alam ko yung disposition ng pera. Alam nyo may pera sa seeds sinasabi ko sa inyo, at hindi lang ilang milyon ha, daang milyon at napirmahan ko na ha. Ayusin nyo ang mga papeles nyo. Baka naman ang sagot dyan kulang-kulang ang papeles nyo. Basta sinasabi ko sa inyo full support tayo sa mga seed growers ngayon. Hindi lang ilang milyon, daang milyon ang approval ng pangulo natin. Palakpakan natin ang pangulo . Ang sabi daw nila, ang VAT salot, tanggalin po yung VAT na pinaglaban ni Gloria. E kung wala po yung VAT saan ko kukunin yung fertilizer nyo, irrigation nyo, loans nyo. Saan ko kukunin yan? Hindi man ako mapunta rito, dun na lang

tayo sa Maynila magkape,dahil wala rin akong maibibigay na tulong sa inyo. Sana intindihin natin ang pangulo. Maraming batikos pero maniwala po kayo, sa kasaysayan po ng agrikultura, itong 2009, ngayon lang po papasok ang Department of Agriculture, kung hindi po pangatlo, pang-apat na may pinakamalaking pondo. Kaya nga nag-iikot ang Kalihim ngayon para poi tong pondo ay maibaba sa inyo. Kaya ngayon kunin natin yung number ng NFA 09285021032 magtext kayo kung kailangan nyo.

Dun po sa mga nangangailangan ng tulong sa seed support, sa QTA meron ba tayo line sa opisina? Direct line 078-846-9131, CP # 0918-911-6121 (Dir. Lasam).

So mga kababayan, un po yung ating mga programa. Wala pong tayong sagot sa lahat ng problema. Pero sa palagay ko unti-unti po ang ating diskurso, tuloy-tuloy po ang ating pagsasamahan kung kakasa ang local government kung lalaban ang magsasakang Pilipino at susuportahan naman po ng national at sa ganoong paraan ay siguro may pag-asa pa ang agrikultura at may pag-asa pang maiaahon ang seguridad sa pagkain ng ating bayan. Magandang umaga po sa inyong lahat.

QUESTION AND ANSWER:

ISSUES	RESPONSE OF SEC. YAP
1. Ako po ay presidente ng irrigators' association. Palagi naming nababasa sa pahayagan at naririnig sa programa sa television at radio na sa national dialogue ay suportahan natin ang magsasaka. Dito sa amin po ang kailangan namin ay financial support. Sa grupo ko, gusto naming mag-avail ng loan under the Palay Productivity program sa Land Bank. Ang masakit dito, nakita sa listahan na marami sa grupo ko ang may utang sa land bank. Tinuturuan kami na magsubmit ng collateral dahil parte daw ito ng programa nyo.	**Sec. Arthuro C. Yap (SACY)** Kaya po naglagay ang pangulo natin ng guarantee sa Landbank ay parang isang senyales sa mga trift banks, rural banks, coop banks pati na rin sa land bank. Senyales yun sa kanila na may seguridad sila dito sa national. Kaya dapat kayo maka-avail kayo sa mas liberal na form. Mabigyan kayo ng pagkakataon. National na ang nagbigay ng guarantee. Apat na billion mula sa NAFC 3 bilyon mula sa katas ng VAT. So pitong bilyon dapat yan na ngayon hanggang Disyembre. Ngayon kung paikutin ng land bank sa dalawang beses po yung 7 billion na yun, dapat 14 billion po ang dapat na maipapalabas nila. Tuloy-tuloy naman po ang tubig so kailangan po talaga yan. Pag-usapan na lang namin nila Mr. Acosta kung paano gumawa ng plano na umikot pa. Kasi may programa ang rural bankers at ang land bank sa road show, baka pwede na natin kalampagin ang central office kung anon a estado ng road show natin.

2. Ako po si Ramon Galindes ng Santiago City, participant po ako sa mga hybrid rice at syam na beses ko na pong tinatanim yan. Ang tanong ko lang po ay, kanina nabanggit nyo yung urea at nitrogen ay nakatie-up sa crude oil. Tama po yun naniniwala po ako dyan, pero sa ngayon po sa world market, 425 US dollar na lang po ang crudo, sa madaling salita, malaki na po ang ibinaba kung kucomputine nyo po yan, pag icoconvert nyo sa peso, lumalabas na isang libo lang ang isang bag ng urea pero wala pa pong kita dyan ung mga traders. Hindi po ba pwedeng ilimit natin ang kita ng mga traders ng fertilizer katulad po sa China 10% lang po ang must required limit na profit na pwedeng kitain ng mga nagtitinda ng fertilizer. Dito po isang libo ang value ng urea, ibebenta po ng 1900 tanggalin na po natin ang 250 na ibinibigay ng DA napakalaki pa rin po. Ang kumikita sana ay magsasaka pero hindi po ang magsasaka, ang trader po ng palay ang trader po ng fertilizer. Tanungin nyo po lahat ng mga magsasaka ng mais dito po karamihan ng magsasaka rito sa nasa harap nyo palay. Tanungin nyo po kung maymasayang magsasaka ng mais ngayon sa baba ng presyo ng mais at sa taas ng abono. Paano po ngayong susunod na cropping? Hanggang ngayon ang laki na ng ibinaba ng crudo, hindi pa po bumaba ang fertilizer. Mabuti nga po napakaganda ng mga programang sinabi nyo. Naalala ko lang po kasi ang mga magsasaka. Wala pong retirement pay yan, wala po GSIS pay, wala pong aasahan sa SSS, wala rin pong aasahan sa Philhealth kaya po ang magsasaka tatanda at tatandang magsasaka pa rin. Tingan nyo po ang mga edad ng magsasaka ditto wala po kayong makikitang batang magsasaka dahil hindi nap o sila interesado. Marami pong salamat.	**SACY**:Tama po bumababa yung presyo ng crudo pero nakikita ko na ang isasagot ng fertilizer dealer. Yung hawak naming stock yun ay nabili sa mataas pang halaga. Ngayon ano ang gagawin natin? Ngayon ako aamin sa inyo. Itong fertilizer na ito, ginagamit nga sa mga punongbayan ditto ito ang pinakamasakit sa ulo ko ngayon. Hayaan nyo po at kakausapin kop o yung mga malalaking dealer at titingnan natin kung pwede tayong magkaroon ng partnership sa kanila. Sabi ko nga sa kanila, kung gusto nyong humiram pahihiramin kayo ng banko ng gobyerno sa magandang interest basta ipasa nyo lang sa siguro 10-12% lang wag naman lalampas dun. Wala pa silang sagot sa akin. Ipupulong ko po sila ulit at susubukan po namin silang kausapin. Dahil ngayon wala po tayong price control sa fertilizer. So dun po sa nagtanong, inaamin kop o sa inyo na ito po ay malaking problema ko ngayon. Kinausap ko na po ung mga dealer hindi pa po sila sumasagot at babalikan ko po sila. Hopefully, magkakaroon tayo ng magandang balita.

3. Ako po ay isang presidente ng Council of Irrigators; Association. Nagpapasalamat po ako dun sa flatbed dryer natanggap na po na min yun. Ang problema po naming Secretary ay yung coupon. Sa katunayan po mga tatlo lang sa aming barangay ang pwedeng bumili ng cash sa trader. Ngayon kung hindi po bibili ng cash na fertilizer ang aming maliliit na magsasaka, hindi po nila mae-enjoy ung coupon. Ngayon po, ano po ang gagawin ng pamunuan ng national government para maibalik sa kanila ang ganoong programa?	**SACY**: Ibalik nyo na lang sa amin yung coupon kami na ang magbibigay ng discount sa inyo. Basta ipakita nyo lang yung resibo kahit sa kredito man kayo kumuha ng abono basta ipakita nyo lang ang katibayan na may nakuha kayong abono inutang man basta may maipakita kayong katibayan, kami na ang magbibigay sa inyo ng 250. Kaya dapat bantayan nyo, mag-usap kayo ng mga Technicians, mga punongbayan kasi dito ko narinig yung "akin na lang ang coupon mo huwag ka ng bumili ng abono eto ang 150,hati-hati na lang dito". Dito ko narinig yun e. Yun ang bantayan nyo.
4. Ako po si Rogeli Dumawa, Pangulo ng Provincial Confederation of Irrigators' Association. Una, nagpapasalamat kami dahil sa mga flatbed dryers na pumunta ang lima sa Mallig, walo sa Tumauini, walo sa San Pablo-Cabagan. Maraming pong salamat. Ito ay makakatulong sa amin lalo na para malabanan ang kahirapan. At ito na po ang problema sir. Noong nagkita tayo sa Tumauini noong August 17 last year may resolution ako sir na finalow-up ko noong nagkita tayo sa Malacanang upang makipagmeeting tayo kay Presidente Arroyo noong kasagsagan ng rice crisis. Binanggit ko sa iyo yung proposal na 3 million para sa rehabilitation sa Cabagan at 15 million sa Tumauini. Nanghina ako nung narinig ko na binalik na pala sa regional office yung program of work. Ang pagkakaintindi ko sir wala na yun. Kami sa San Pablo- Cabagan at sa Tumauini Irrigation System, layunin namin ang tumulong sa pangulo na malabanan ang kahirapan kaya irrigation ang kailangan.	**SACY**: Binulong po ni Dir. Vic Galvez na naibalik na po. So ang itatanong ko kay Vic Galvez kung kailangan umpisahan yung patrabaho sa kanila? **Engr. Galvez:** Kararating lang ung pundo, idadownload natin yung pondo sa Tumauini kay Engr. Martinez at dun nyo malalaman ang schedule ng rehabilitation. Secretary: Pinatatawagan ko si Engr. Martinez Kasi delikado yung dun nyo malalaman baka umabot na naman sa Agosto next year. Hintayin natin para malaman natin ngayon ang exact date. Kung walang mangyari tawagan nyo yung aide ko. (After calling Engr. Martinez) Nag-umpisa na daw ang trabaho.

5. Ako po si Anselmo Taganas, barangay Kagawad at the same time IA President. Kanina po tinalakay nyo yung tungkol dito sa FIELDS. Noong SONA ni presidente narinig ko na naman yung tungkol dun sa D, yung dryer. Maraming salamat po dun sa aming punong bayan dahil sa naisipan nyang ginawang dryer dahil sa ngayon po wala na pong magdodonate ng lote para sa solar dryer. Ngayon po naisipan n gaming punong bayan na pinasemento ang aming barangay road. Ngayon po kinukulang ng pondo ang aming punongbayan kaya inilalapit naming sa inyo Mahal naming Secretary na ang aming mga barangay road ay yun na lang sana ang pagtatayuan ng solar dryer. Maraming salamat po.	Tatanggapin ko po yung cooment nyo na humihingi kayo ng tulong para sa farm to market road. Pero we are not going to approve that humihingi kayo ng dryer. Kasi ang programa po kasi natin ay hindi MPDP. Ang programang national po natin ngayon ay ipagpatuloy ang pagbabago ng teknolohiya sa agrikultura. Dun na po tayo sa mechanical dryer. Tatanggapin po naming yung komento nyo hindi po sa pagpapa-aprove ng MPDP pero kung kailangan nyo ng FMR, pag-usapan na lang po naming ni Dir. Lasam. Kakayanin naman siguro sa kalahating million. Dun lang po sa lengthening nun. So ok na po yun hindi sa MPDP kundi sa FMR natin ilagay ang pondo nyo.
6 Ako po si Romy Pineda, napunta kami dito dahil sa imbitasyon ng Irrigation Superintendent na si Engr. Martinez. Ang tanong ko sir, ang magsasaka hindi porke magsasaka ay magsasaka sya. Ang pagsasaka ay investment kailangan natin ang more or less 25,000 para matamnan natin ang isang ektarya. Ang tanong sir, total meron naman inilaan na pondo si Madam President, ang nakikita dun sa banner ay 5,000 lang ang kailangan. Ngayon kung icompare sa investment mo sa isang ektarya para sa binhi lang sir. Ang request ko ay itaas naman sana ang loan para sa amin.	**SACY**:Pag-aralan ko ho yan dahil wala pa akong handang sagot dyan dahil kailangan makausap naming ang land bank at mga rural banks. Kasi kailangan pa nating macomplete na gusto natin maabot ang pinakamalawak at pinakamalaking service area. Pag nilakihan natin yan mas konti ang maabot na tulong. So, pag-aaralan naming kung pwede iakyat sa mga sampung libo pero kung kukunin yung 25,000 ay hindi kakayanin. Pag-aaralan muna namin. May isasagot po si Manager (Landbank). **Manager Acosta**: Yung tanong po dun sa 5,000 na limit ay para sa micro-finance ng DA-ACPC po ito. Pero dun sa regular lending natin for the rice productivity program ay tinaas namin ang ceiling which is for the inbred is 37,000 per hectare at for hybrid is 42,000. So hindi po kayo malilimitahan dun sa 5,000 kung ang hihiramin nyo po ay para sa inbred at hybrid. Ang purpose lang naming sa 5,000 ay para sa seeds pero kung dun sa regular ay 37,000 for inbred at 42,000 for hybrid.
	SACY:O ang tass pala e. Ang inisip ko 10,000 lang.

7 Ako po si Jun Pascua, isang hamak na magsasaka. Kami po yung kasali sa quick turn around program. Umani kami sometime February up to March 15, kami po yung nakaranas ng mababang presyo. Kami po yung nakapgbenta ng 11 to 12 per kilo hindi po nakapagbenta ng 15 and above. Ngayon po nagquick turn around kami. Umaani na po kami ngayon. Yung FIELDS na kasalukuyang programa ng gobyerno ay napakaganda po pero kanina ina-analyze ko yung FIELDS, fertilizer, irrigation, education and training, loans, dryers and seeds. Akala ko po yung S support price. Wala po hindi ko nakita yung support price. Sa speech nyo ang NFA bumibili ng palay. Katunayan po kanina, alas 8 nagpabenta po ako ng palay sa NFA. Pwede ko po isubmit sa inyo itong seeds for your reference. Yung palay po na binigay ko dyan ang classification po ng NFA ay PJ 201 na may moisture content na 13% at ang price ay 16.35 per kilo pero ang NFA support price is 17. Ang clarification lang po naming ay kung yan ang hinahanap ng NFA ay wala kaming maibebenta na pang-export quality sapagkat kung sa rice mill ay class A na po yan. So kung support price, ang hinahanap naming magsasaka ay mabigyan din ng magandang presyo yung katulad nyan.	**SACY**: Yung **S** kasama ang support price dyan ng seeds. Yung seeds po 1,200 ang certified and 1,500 ang hybrid. Yung mga standards po ng NFA ay ilang taon din nilang pinag-aralan yan. Kukonsultahin ko pa rin po sila baka mabigyan ng konsiderasyon at itaas ang classification nito.

8	Jovito Acson po, Regional Federation IA president. Alam natin po na very supportive ang governor natin sa Isabela. One time nagkaroon po kami ng discussion about the improvement the irrigation system at nakita natin na willing ang provincial government na magbigay ng counterpart sa BSTP. Alam ito ni Dir. Galvez na ito ay kinukulang ng pondo na manggagaling sa provincial government kaya lumalapit ako sa inyo ngayon na ang Isabela ngayon ay binubuhos nila ang kanilang effort to uplift the condition ng ating farmers. Salamat Secretary at nandun na daw ang counterpart pero yung pondong galling sa national government ay wala pa.	Ibigay na lang kay Vic kasi may instruction din ako sa kanila. Sinabi ko na sa NIA. May kakulangan na SARO. Huwag nyong hintaying dumating yung SARO sa inyo. Ibid-out nyo na. Yung awarding ang ihold back nyo. Yun ang instruction ko sa NIA huwag ng hintayin basta iprogram lang sa amin para malaman namin pagrelease ng authority sa amin ng national na gobyerno, pwede na naming idivide kung kanino pupunta yung authority. Kasi yung hinihingi nyo, sige na ipaprogram na natin, kung may counterpart na si governor na 30%, gamitin nyo na sa mobilization. Umpisahan nyo na tatapusin na lang namin. Yung 70% tatapalan na lang po namin. So iwan ko na lang kay Engr. Galvez yan. Ipabid-out nyo na ng ipabid-out, yung awarding na lang ang medyo ihohold natin. Pagbaba ng autorithy sa amin, ibibigay sa inyo pero hindi na kayo maghihintay at nakakasigurado kayo kaysa hihintayin mo pa yung SARO mo, hihintayin mo pa yung authority mo, sige na ipabid-out na natin. Sige kausapin ko na lang si Vic.